


Edukasyon sa Pagpakatao

**Ikatlong Markahan – Modyul 4:
Kasipagan, Pagpupunyagi, Pagtitipid at
Wastong Pamamahala sa Naimpok**



Araling Panlipunan – Ikasiyam na Baitang

Alternative Delivery Mode

Ikatlong Markahan – Modyul 4: Kasipagan, Pagpupunyagi, Pagtitipid at wastong Pamamahala sa Naimpok Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Sajid B. Albain
Editors:	Janet N. Recamara, Filma B. Catalan
Tagasuri:	Allan T. Garcia, Teresita C. Carbonilla
Tagalapat:	Blessy T. Soroyoroy
Tagapamahala:	Isabela M. Borres Eugenio B. Penales Sonia D. Gonzales Mildred D. Davao Aida F. Coyme

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region IX

Office Address: Regional Center, Balintawak, Pagadian City

E-mail Address: region9@deped.gov.ph

Edukasyon sa Pagpakatao

**Ikatlong Markahan – Modyul 4:
Kasipagan, Pagpupunyagi,
Pagtitipid at Wastong
Pamamahala sa Naimpok**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Masipag ka ba? Naitanong mo na ba ito sa iyong sarili? Paano kung ang isang tao ay hindi magtataglay ng ganitong katangian, ano kaya ang mangyayari sa kanyang buhay?

Sa Modyul 3, natuklasan mo ang kahalagahan sa kagalingan sa paggawa. Ito ay nagsisilbing instrumento upang ang sarili ay maiangat at mapaunlad ang ekonomiya ng isang bansa. Ang isang tao na nagpapakita ng kagalingan sa paggawa ay nakapagtatapos ng isang produkto o gawain na mayroong kalidad.

Layunin naman ng modyul na ito na tulungan kang alamin ang mga katangian na dapat taglayin ng isang manggagawa. Sa pamamagitan nito, higit mong mapaghuhusay ang iyong mga gawain at maisasakatuparan ito ng may pagpupunyagi. Sa pamamagitan ng iyong mahusay na paggawa ay matutulungan mong mapaunlad ang bansa na iyong kinabibilangan. Sa mga pamamagitan ng mga gawain sa araling ito ay masasagot mo ang mahalagang tanong na: Bakit mahalaga ang Kasipagan, Pagpupunyagi, Pagtitipid at Pamamahala sa Naimpok?


Sa modyul na ito, inaasahan na maipamamalas mo ang mga sumusunod na kaalaman, kakayahan at pag-unawa:

- Natutukoy ang mga indikasyon ng taong masipag, nagpupunyagi sa paggawa, nagtitipid at pinamamahalaan ang naimpok.
- Nakagagawa ng journal ng mga gawain natapos nang pinaghandaan, ayon sa pamantayan at may motibasyon sa paggawa.



MgaTala para sa Guro

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.



Subukin

GAWAIN 1:

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang mga aytem at piliin ang titik ng pinakatamang sagot. Isulat ito sa iyong kuwaderno/Sagutang papel/Activity sheet.

1. Ang sumusunod ay kahulugan ng kasipagan, *maliban* sa:
 - a. Ito ay pagsisikap na gawin o tapusin ang isang gawain na mayroong kalidad.
 - b. Ito ay pagtingin ng may kasiyahan at positibo sa isang gawain.
 - c. Ito ay nakatutulong sa tao sa kaniyang pakikipag relasyon sa kaniyang gawain, kapwa, at lipunan.
 - d. Ito ay paglalaan ng sapat na panahon upang maisakatupan ang isang gawain.

2. Si Rony ay sadyang masipag, hindi siya nagmamadali sa kanyang mga gawain at sinisiguro niya na magiging maayos ang kalalabasan nito. Ano kaya ang palatandaan ng kasipagan ang taglay ni Rony?
 - a. Hindi umiiwas sa anomang gawain.
 - b. Ginagawa ang gawain nang may pagmamahal.
 - c. Nagbibigay ng buong kakayahan sa paggawa.
 - d. Hindi nagrereklamo sa paggawa.

3. Ito ay pagtitiyaga na maabot o makamit ang mithiin o layunin sa buhay na may kalakip na pagtitiis at determinasyon.
 - a. Kasipagan
 - b. Katatagan
 - c. Pagsisikap
 - d. Pagpupunyagi

4. Ito ay kakambal ng pagbibigay na nagtuturo sa tao upang higit na makapagbigay sa iba.
 - a. Pag-iimpok
 - b. Pagtitipid
 - c. Pagtulong
 - d. Pagkakawanggawa

5. Ano ang naglalarawan sa pinakamahalagang paraan ng pagtitipid?
 - a. Maging mapagkumbaba at matutong makuntento sa kung anong mayroon.
 - b. Maging mapagbigay at matutong tumulong sa kapuwa.
 - c. Maging maingat sa paggastos at maging simple sa pamumuhay.
 - d. Maging masipag at matutong maging matiyaga sa mga gawain.

Aralin**1****Kahalagahan sa Kagalingan sa Paggawa*****Balikan*****GAWAIN 2.A:**

Sa Modyul 3, natuklasan mo ang kahalagahan sa kagalingan sa paggawa. Naunawaan mo rin ang mga katangian na dapat mong taglayin upang mapagtagumpayan mo ang isang gawain o makamit ang mithiin sa buhay. Itala ang mga bagay na iyong ginawa na nagpapakita ng kagalingan sa paggawa. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel/kwaderno.

1. _____

2. _____

3. _____

4. _____

5. _____

GAWAIN 2.B:

Base sa iyong naitalang mga gawain, tukuyin sa mga ito ang nagbibigay ng indikasyon ng taong masipag, nagpupunyagi sa paggawa, nagtitipid at pinamamahalaan ang naimpok. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel/kwaderno.

Masipag

Mapagpunyagi

Matipid

Marunong mamahala sa naimpok



Mga Tala para sa Guro

Ang paglaan ng limang minuto ay sapat na upang sagutin ang mga tanong pagkatapos ay ibigay sa mga mag-aaral ang susi sa pagwawasto upang i-tsek ang kanilang mga sagot. Mahalagang ipaunawa sa mga mag-aaral na kung anoman ang maging resulta ng paunang pagtataya, hindi ito magiging bahagi ng pagbibigay ng marka, kundi isang mahalagang pagbabatayan ng kanyang pag-unlad.



Tuklasin

GAWAIN 3:


A. PUZZLE

Panuto: Tingnang mabuti ang mga larawan. Ilagay ang angkop na titik sa loob ng kahon upang mabuo ang mga salita. Pagkatapos ay gamitin sa isang pangungusap na may kaugnayan sa iyong buhay ang salitang nabuo. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel/kwaderno.



a. Pangungusap:

a. **K** **G**



b. Pangungusap:

b. **P** **T**



c. Pangungusap:

c. **P** **Y**



d. I K

d. Pangungusap:

1. Pumili ng isa sa mga salitang iyong nabuo at ibigay ng iyong sariling pakahulugan. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.


GAWAIN 3 :

B. COMIC STRIP

Panuto: Pag-aralan ang mga *comic strip* sa ibaba. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel/kwaderno.

Natapos mo na ang gawaing bahay na nakatalaga sa iyo. Nakita mo ang iyong kapatid na hindi pa niya natatapos ang pinapagawa sa kanya ng inyong ina sapagkat napakarami niyang takdang aralin sa araw na iyon. Humihingi ng tulong sa iyo ang nakababata mong kapatid na gawin muna kung maaari ang gawaing bahay na nakatalaga sa kanya. Ikaw naman malapit na ring matapos sa proyekto mo sa EsP. Ano kaya ang magiging tugon mo dito?

Ate, maaari ba na ikaw muna ang gumawa ng pinagagawa ni nanay?



Mga katanungan:

- a. Naging mahirap ba para sa iyo ang pagsagot sa mga sitwasyon? Magbigay ng iyong katwiran.
- b. Bakit mahalaga ang kasipagan, pagpupunyagi, at pagtitipid at wastong pamamahala sa naimpok sa buhay ng tao? Ipaliwanag.
- c. Paano ang mga pagpapahalagang nabanggit makatutulong sa tao at sa lipunan na kaniyang kinabibilangan? Ipaliwanag.



Suriin

Naniniwala ka ba na mahirap ang buhay? Marahil ay madalas mong marinig ito sa mga taong nakapaligid sa iyo hindi ba? Ngunit ikaw ano ang pananaw mo ukol dito? Sa pagpapatuloy ay nais kong ipabasa sa iyo ang isang tula upang mas lalo mong mapagnilayan ang nilalaman ng paksang ito.

Marami ang nagtuturing mahirap daw itong buhay,
Araw-araw ay paggawang tila din walang humpay;
Datapuwat isang pantas ang nagbadya at nagsaysay;
“Tagumpay ay nakakamit kapag tao ay masikhay.”

Ang sandali’y mahalaga hindi dapat na sayangin,
Kasipagay isagawa at itanim sa damdamin;
Kapag ito’y inugali walang liwag na kakamtin
Ang ginhawang inaasam at bungkos na pangarapin.

Hindi dapat na mahiya itong palad ay kumapal
Kung gawain ay mabuti at hangarin ay marangal;
Pagsisikap na may tiyaga, kasipagan ang kakambal
Ay sandatang pananggalang...pamuksa sa kahirapan.

Paalala’t pagunita sa diwa mo, kabataan...
Sa tuwina’y isaisip, sana’y laging tandaan:
“Kasipaga’y ugaliin at gawin mong pamantayan
Upang kamtin ang masaya at magandang kapalaran.”

(Kasipagan.(2020). Pinoy Edition. www.pinoyedition.com/mga-tula/kasipagan-/)

Napakaganda ng tula hindi ba? Ano ang iyong naging kaisipan matapos mong mabasa ang tula? Nakita mo ba ang kabutihang dulot nito sa iyo, sa iyong kapwa at sa lipunan? Ito ay nagpapakita na ang kasipagan ay dapat isaisip, isapuso at isagawa ng bawat isang nilikha. Kahit anong bagay at anomang larangan ang ating gagawin kailangan natin ang kasipagan. Kung walang sipag ang isang tao, wala siyang matatapos na gawain. Kung kaya’t kaakibat ng sipag ay tiyaga na kung wala ang mga ito, mahihirapan ang tao na makaahon sa buhay na ito.

Ano nga ba ang kahulugan ng kasipagan? Ang ***kasipagan*** ay tumutukoy sa pagsisikap na gawin o tapusin ang isang gawain na mayroong kalidad. Ito ay tumutulong sa tao na malinang ang iba pang mabubuting katangian tulad ng tiwala sa sarili, mahabang pasensya, katapatan, integridad, disiplina at kahusayan na kung saan malaki ang maitutulong nito sa tao sa kaniyang relasyon sa kaniyang gawain, sa kaniyang kapwa at sa kaniyang lipunan.

Ang kasipagan ang tumutulong sa isang tao upang mapaunlad niya ang kanyang pagkatao. Nagagamit niya ito sa mabuting pakikipagrelasyon niya sa kaniyang kapwa at mula sa kasipagan na taglay niya ay makatutulong siya na mapaunlad ang bansa at lipunan na kaniyang kinabibilangan.

Narito ang ilang **palatandaan ng taong nagtataglay ng kasipagan**.

1. **Nagbibigay ng buong kakayahan sa paggawa.** Ang taong masipag ay hindi nagmamadali sa kanyang ginagawa. Sinisiguro niya na magiging maayos ang kalalabasan ng kanyang gawain. Hindi siya nagpapabaya, ibinibigay niya ang kanyang buong kakayahan, lakas at panahon upang matapos niya ito ng buong husay.

2. **Ginagawa ang gawain ng may pagmamahal.** Ang isang taong nagtataglay ng kasipagan ay nagpapakita ng pagmamahal sa kaniyang trabaho. Ibinibigay niya ang kanyang puso sa kanyang ginagawa ibig sabihin naroroon ang kanyang malasakit. Hindi lamang niya ito ginagawa upang basta matapos na lamang kundi naghahanap siya ng perpekasyon dito.

3. **Hindi umiiwas sa anumang gawain.** Ang taong masipag ay hindi umiiwas sa anumang gawain lalo na kung ito ay nakaatang sa kanya. Ito ay ginagawa niya ng maayos at kung minsan ay higit pa na maging ang gawain ng iba ay kaniyang ginagawa. Hindi na niya kailangan pang utusan o sabihan bagkus siya ay mayroong pagkukusa na gawin ang gawain na hindi naghihintay ng anomang kapalit.

Tunay nga na mahalaga na taglayin ng isang tao ang kasipagan sapagkat isa itong susi sa magandang kinabukasan. Ang pagiging masipag ay magbubunga ng mas maraming biyaya sa mga taong nagtataglay ng ganitong katangian.

Lahat ng tao ay naghahangad ng magandang buhay. Ito ay hindi lamang para sa ating mga sarili, kundi pati na rin sa ating mga minamahal sa buhay. Kung mas maganda o magiging sagana ang ating buhay mas magkakaroon pa tayo ng higit na pagkakataon na makapagbigay o tumulong sa ating kapwa. Mahalaga sa tao ang maging masipag upang siya ay mayroong maabot o marating na magandang bukas. Kung ikaw ay masipag sa iyong pag-aaral ay makapagtatapos ka. Kung ang isang empleyado ay masipag siya ay kikita at aasenso. At kung ang isang nilikha ng Diyos ay masipag na gumawa ng kabutihan makakamit niya ang buhay na walang hanggan. Lagi nating tandaan na ang kasipagan sa paggawa ng may kabutihan ang magpapaunlad sa ating bayan.

Ang kabaliktaran ng kasipagan ay **katamaran**. Ito ay hindi natin dapat taglayin sapagkat ito ang pumapatay sa isang gawain, hanapbuhay o trabaho. Ang katamaran ang pumipigil o humahadlang sa tao upang siya ay magtagumpay. Ang isang taong tamad ay ayaw tumanggap ng gawain. Hindi pa niya ito nasisimulan ay umaayaw na siya. Palagi niyang nararamdaman ang kapaguran kahit kaunti pa lamang ang kaniyang nagagawa. At kadalasan ay hindi niya natatapos ng maayos

ang isang gawain. Kung kaya't dapat na puksain natin ang katamaran at huwag itong bigyan ng puwang sa ating kalooban sapagkat wala itong maidudulot na maganda sa ating kinabukasan.

Bilang kabataan ay dapat lagi mong ipakita sa lahat ng oras at pagkakataon ang iyong kasipagan sa iyong gawain. Ngunit lagi mo ring tatandaan na sa isang gawain ay tiyak na makararamdam ka ng hirap, pagod ng katawan at isipan, mga pagsubok at mabibigat na problema ngunit sa mga ganitong pagkakataon ay hindi dapat sumuko sapagkat ang pagsuko ay karuwagan.

Ang ***pagpupunyagi*** ay pagtitiyaga na maaabot o makukuha ang iyong layunin o mithiin sa buhay. Ito ay may kalakip na pagtitiyaga, pagtitiis, kasipagan at determinasyon. Ito ay pagtanggap sa mga hamon o pagsubok ng may kahinahunan at hindi nagrereklamo. Ito ay patuloy na pagsubok ng mga gawain hangga't hindi nakakamit ang mithiin.

Bakit maraming mga tao na matapos kumita at magkaroon ng maraming pera dahil sa kanilang kasipagan at pagpupunyagi ay nabalewala lamang pagdating ng panahon? Tulad na lamang ng ilang mga naging sikat na personalidad sa industriya na matapos kumita ng malaking pera ay bumalik ang kanilang buhay sa paghihikahos o paghihirap. Ano kaya ang masasabi mo ukol dito? Paano kaya nila ginamit ang pera na ipinagkatiwala ng Diyos sa kanila?

Naging matipid kaya sila o naging maaksaya sa kanilang kinita? Naging simple kaya sila sa kanilang pamumuhay o naging praktikal kaya sila? Walang kinalaman ang liit o laki ng kinikita ng isang tao; ang mahalaga ay kung paano niya ito pinamamahalaan ng tama at wasto.

Mayroong isang ina na sa tuwing papaubos na ang kanilang *toothpaste* ay pinipiga pa niya ito ng husto, kumukuha pa siya ng gunting upang hatiin ang lalagyan ng toothpaste at simutin ng maigi ang laman nito. Para sa kanya kahit kaunti lamang ang makuha niya dito ay magagamit pa niya ito sa kaniyang pagsisipilyo. Para sa kanya, hindi kailangan na punuin ng maraming toothpaste ang haba ng sipilyo, para lamang makapagsipilyo. Sa tuwing siya ay pupunta sa palengke ay sinisiguro niya na umaalis siya ng maaga at siya ay naglalakad lamang imbis na sumakay ng tricycle mula sa kanilang bahay. Ayon sa kanya makatutulong ang paglalakad sa kanyang kalusugan at ang pera na dapat sana'y gagamitin niya bilang pamasaha sa tricycle ay kaniyang itinatabi sa kaniyang lalagyan upang pagdating ng pangangailangan ay makakatulong din ang kaunti niyang naitabi.

Ano kaya ang ipinapahiwatig ng kwentong ito sa iyo? Nakita mo na bang ginawa rin ng iyong ina ang mga aksyon na ipinakita ng ina na nasa kwento? Nasubukan mo na rin bang gawin ang ilan sa mga ito? Ipinapakita lamang ng isang ina ang kanyang pagiging matipid kahit sa pinakamaliit na bagay. Ano nga ba ang ibig sabihin ng pagtitipid?

Ang **pagtitipid** ay kakambal ng pagbibigay. Ito ay isang birtud na nagtuturo sa tao na hindi lamang mamuhay ng masagana, kundi gamitin ang pagtitipid upang higit na makapagbigay sa iba. Ang pagtitipid ay hindi ubos-ubos sa pera o bagay na walang saysay. Sapagkat dapat mong mahalín ang bunga ng iyong ginawang pagsisikap at pagtitiyaga.

Upang lubos mong maunawaan ay narito ang ilang paraan na maaring gawin upang makatipid sa gastusin sa araw-araw.

1. Magbaon ng pagkain sa opisina o eskwela. Mas makakatipid kung magbabaon na lamang ng pagkain kaysa bibili pa sa kantina o kakain sa labas.
2. Ugaliin na maglakad lalo na kung malapit lang ang paroroonan. Matitipid mo na ang pamasaha na gagamitin mo, maganda pa itong ehersisyo sa katawan.
3. Piliing mamili sa pampublikong pamilihan sapagkat higit na mababa ang presyo ng mga bilihin sa mga lugar na ito. Maari rin makabili ng maramihan o tumpukan sa mas murang halaga.
4. Gamitin ang load ng cellphone sa mga importanteng bagay lamang tulad ng pagpapadala ng mga mensahe o text sa magulang, guro, kamag-aral at iba pa. Iwasan rin na lustayin ang iyong *internet data load* sa paglalaro ng *online games*.
5. Maglaan ng takdang oras para sa paggamit ng *TV*, *Computer*, at iba pa. Kung hindi naman ito ginagamit ay patayin mo ang mga ito.
6. Ugaliing gumamit ng baso para sa tubig sa tuwing nagsisipilyo. Mainam din na gumamit ng planggana sa tuwing maghuhugas ng mga plato at timba sa tuwing maliligo. Sa ganitong paraan maiiwasan mo na tumapon ang tubig mula sa gripo.
7. Piliin ang mga lokal na produktong gawa sa inyong komunidad kaysa sa mga gawa sa ibang lugar. Higit na mura ito dahil hindi kinailangan na gumastos para sa pag-aangkat ng produkto. Sa bawat produktong iyong bibilin, makatutulong ka rin sa pag-unlad ng maliliit na negosyo sa inyong komunidad at kalaunan ay magpapaunlad sa ekonomiya ng inyong bayan.

Iyan ay ilan lamang sa mga paraan ng pagtitipid. Kailangan mong ring isaisip na isang paraan ng pagtitipid ay ang hindi paganana ng mga materyal na bagay sa buhay. Mahalaga na matutong makuntento sa kung ano ang meron ka. Ito ang pinakamahalagang paraan ng pagtitipid.

Bakit mo kailangan na bumili ng mamahaling relo kung nais mo lang naman malaman ang oras? Bakit mo kailangan na bumili ng mamahaling cellphone kung ang pangunahing gamit lamang nito ay maka text o makatawag? Bakit mo kailangang bumili ng mamahaling damit kung mayroon naman na mas mura na babagay din naman sa iyong katawan? Iyan ay ilan lamang katanungan sapagkat

marami sa mga tao ngayon ang hindi nagpapahalaga sa kanilang pinaghirapan o pinagpaguran na nagiging dahilan ng kahirapan ng buhay.

Nasasayang ang kasipagan at pagpupunyagi ng isang tao kung hindi niya napapamahalaan ng wasto ang kaniyang mga pinaghirapan. Ang wastong pamamahala sa mga pinaghirapan ng isang tao ay nangangahulugan ng paagmit nito sa wastong paraan at pag-iimpok. Ang ***pag-iimpok*** ay paraan ng pagtatabi kaunting halaga upang makapag-ipon ng salapi, na siyang magagamit sa ating pangangailangan sa takdang panahon.

Bakit kailangan na mag-impok ng pera? Ayon sa Teorya ni Maslow, “*The Hierarchy of Needs*,” Ang pera ay mahalaga na makatutulong sa tao na maramdaman ang kanyang seguridad sa buhay lalo na sa hinaharap. Kung kaya’t dapat natin na pahalagahan ang ating mga naipon. Sapagkat hindi napupulot ang pera, hindi ito mapipitas sa mga puno, o di kaya hindi ito nalalaglag mula sa langit. Ang pera ay pinagpapaguran upang kitain ito. Kaya kinakailangan lamang na gastusin sa tama upang huwag itong mawala. Ayon sa isang financial expert na si Francisco Colayco, mayroong tatlong dahilan kung bakit kailangan na mag-impok ang tao.

1. ***Para sa proteksyon sa buhay.*** Maraming mga hindi inaasahan na maaaring mangyari sa buhay ng tao tulad na lamang ng pagkakasakit, kalamidad, pagkawala ng trabaho o pagkabaldado. Kung sa hindi inaasahang pagkakataon ay mangyari ito, kailangan na ang tao ay nakahanda at mayroong magagamit na *emergency fund* sapagkat kung wala ay mahihirapan siyang makabangon mula dito.

2. ***Para sa mga hangarin sa buhay.*** Ito ang nagiging motibasyon ng iba. Ang mag-impok para sa hangarin sa buhay na mabigyan ng magandang edukasyon ang mga anak, ang magkaroon ng sariling bahay at magkaroon ng maayos na pamumuhay. Mahalaga na matamo ang mga ito bilang bahagi ng ating *kaganapan* sa buhay.

3. ***Para sa pagreretiro.*** Hindi lamang kailangan na mag-impok para sa proteksyon sa buhay at sa mga hangarin sa buhay, mahalagang nag-iipon din para sa pagtanda sapagkat hindi sa lahat ng oras ay kakayanin pa ang magtrabaho. Darating din sa kasukdulan ang buhay ng tao na siya ay magiging matanda at mahina at hindi kakayanin pa na magbanat ng buto.


Ayon pa rin kay Francisco Colayco, kinakailangan na tratuhin ang pag-iimpok na isang *obligasyon* at hindi *Optional*. Gaano man kalaki o kaliit ang kinikita ay obligasyon natin sa ating sarili ang pag-iimpok. Kaya, simulan mo na hanggat maaga ang pag-iimpok upang mayroon kang magagamit para sa masaganang bukas. Tingnan natin ang isang langgam, sa tag-araw ay buong sipag silang nag-iipon ng pagkain kung kaya’t sa pagdating ng tag-ulan ay kampante na sila na hindi magugutom dahil matagal na nila itong pinaghandaan. Tayo rin bilang tao ay dapat mag-ipon habang tayo ay malakas upang makamtan natin ang magandang bukas.

Mangyayari lamang ito kung ang kasipagan at pagpupunyagi ay paiiralin at ang pagtitipid ay pananatiliin. Kaya simulan mo na. Now na!



Mga Tala para sa Guro

Ipaliwanag sa mga mag-aaral na ang bahaging ito ng modyul ay nagtataglay ng mga pagtatalakay sa mga mahahalagang konsepto na nakapaloob sa aralin. Ang pagtalakay ng mga kosepto ay may kalakip na katanungan na dapat sagutin upang maging makabuluhan ang gagawing pagbasa.



Pagyamanin

GAWAIN 4:

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang mga aytem at piliin ang titik ng pinakaangkop na sagot. Isulat ito sa iyong kuwaderno.

1. Ang kasipagan ay tumutulong sa tao upang higit niyang mapaunlad ang kaniyang _____.
 - a. Gawain
 - b. Kaalaman
 - c. Lipunan
 - d. Pagkatao
2. Ang mga sumusunod na katangian ay mga salitang may kaugnayan sa pagpupunyagi maliban sa _____.
 - a. Pag-iimpok
 - b. Pagkamatapat
 - c. Pagtitipid
 - d. Pagtatrabaho

3. Ang mga sumusunod ay dahilan kung bakit kailangan na mag-impok ang tao ayon kay Francisco Colayco *maliban* sa:
 - a. Pagreretiro
 - b. Mga hangarin sa buhay
 - c. Maging inspirasyon sa buhay
 - d. Proteksyon sa buhay

4. Si Ella ay isang mag-aaral na nasa ika-9 na baitang. Kahit siya'y binibigyang ng perang pambaon, gumigising pa rin siya ng maaga upang magluto para sa kaniyang babaunin. Ang pera ay itinatabi niya para sa mahahalagang bagay tulad ng pambili ng kagamitan sa proyekto niya sa iba't ibang asignatura. Anong katangian ang itinataglay ni Ella?

a. Matipid	c. Masipag
b. Matiyaga	d. Mapagmahal

5. Bilang kabataan, paano mo isasabuhay ang pagiging masipag lalo na sa panahon ng pandemiya?
 - a. Paglalaan ng panahon sa mga utos ng iyong nanay at tatay.
 - b. Pamamahala ng oras sa pagsagot ng modyul, sa online na klase at sa mga gawaing bahay.
 - c. Paggastos ng pera para sa mga mahahalagang bagay.
 - d. Pagpapanatili ng kalinisan at pagsunod sa mga patakarang isinasaad ng pamahalaan upang maging ligtas.

6. Alin sa mga sumusunod na sitwasyon ang **HINDI** nagpapakita ng paraan ng pagtitipid?
 - a. Sa tuwing nanonood ng teleserye si Rosa, inoorasan niya ang paggamit ng *TV*.
 - b. Si Teresa ay gumagamit ng baso sa tuwing siya ay nagsisipilyo.
 - c. Nagtatabi ng pera si Mario para pambili ng *imported* na laruan na gusto niya.
 - d. Naglo-load lamang si Pilar sa *cellphone* tuwing may kailangang mag-online sa kalse at magsasaliksik ng aralin sa internet

7. Ang mga sumusunod ay palatandaan ng taong nagtataglay ng kasipagan, *maliban* sa:
 - a. Hindi umiiwas sa anomang gawain.
 - b. Nagbibigay ng buong kakayahan sa paggawa.
 - c. Ginagawa ang gawain ng may pagmamahal.
 - d. Binibigay ang buong oras sa kanyang gawain.

8. Ang pagtitipid ay kakambal ng pagbibigay. Alin sa mga sumusunod na pahayag ang hindi nagpapakita ng birtud na ito?
 - a. Magtipid upang guminhawa ang sariling buhay.
 - b. Ito ay nagtuturo sa tao na hindi lamang mamuhay nang masagana.
 - c. Kapag ang tao'y marunong magtipid, marunong din siyang magbigay lalong-lalo na sa mga nangangailangan.
 - d. Gamitin ang birtud na ito upang higit na makapagbigay sa iba.

9. Ito ay hindi natin dapat taglayin sapagkat ito ang pumapatay sa isang gawain, hanapbuhay o trabaho.
 - a. Kahinahunan
 - b. Kakayahan
 - c. Katamaran
 - d. Kaganapan

10. Ayon kay Francisco Colayco, “kinakailangan ang pag-impok ay tratuhin na isang obligasyon”. Ito ay nangangahulugang...
 - a. Opsiyonal lamang ang pag-iimpok.
 - b. Gawing tradisyon ang pag-iimpok.
 - c. Kailangang may determinasyon sa pag-iimpok.
 - d. Tungkulin ng bawat isa ang mag-impok.



Isaisip

GAWAIN 5:

Panuto: Mula sa iyong pagkatuto sa aralin, punan ng mga angkop na salita na makikita sa loob ng kahon ang pangungusap sa ibaba upang mabuo ang batayang konsepto ng aralin. Pagkatapos, sagutin ang mga tanong sa ibaba at isulat ito sa iyong kwaderno/Sagutang papel/Activity sheet.

Umunlad	Kasipagan	Produktibong
Pagpupunyagi	Mithiin	

- a. Ang _____ na nakatuon sa disiplinado at _____ gawain na naaayon sa itinakdang mithiin ay kailangan upang _____ ang sariling pagkatao, kapwa, lipunan at bansa.

- b. Ang mga hirap, pagod at pagdurusa ay nadadaig ng _____ tungo sa pagtupad ng itinakdang _____.

1. Ano ang kaugnayan ng batayang konsepto sa aking pag-unlad bilang mag-aaral? _____


2. Ano-ano ang maaaari kong gawin upang mailalapat ang aking mga pagkatuto sa modyul na ito? _____



Isagawa

GAWAIN 6: TRAFFIC LIGHTS

Panuto: Gamit ang pormat sa ibaba, punan ang bawat kahon batay sa hinihingi sa bawat kulay ng *traffic lights*. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel/kwaderno.

	<p><i>Mga bagay na ginagawa mo noon na hindi nagpapakita ng kasipagan at kailangan mo nang ihinto.</i></p>
	<p><i>Mga gawain na nagpapakita ng pagtitipid na dapat mong ipagpatuloy na gawin hanggang sa kasalukuyan.</i></p>
	<p><i>Mga gawain na magpapataas ng motibasyon mo para magpunyagi sa at tapusin ang mga gawain na nankatakda.</i></p>



Mga Tala para sa Guro

	Nangangailangan ng pagpapabuti (1)	Mahusay (2)	Napakahusay (3)
Nilalaman ng refleksyon	Nangangailangan ng malinaw na paglalahad ng nilalaman ng refleksyon na nauugnay sa paksa.	Mahusay ang paglalahad ng iilang konsepto na may kaugnayan sa paksa.	Napakahusay ang paglalahad ng kabuuang konsepto na naaayon sa paksa.
Kaayusan	Hindi maayos ang pagkasunod-sunod ng mga ideya.	Di-gaanong maayos ang pagkasunod-sunod ng mga ideya.	Napakaayos ang pagkasunod-sunod ng mga ideya.
Wastong gamit ng wika <ul style="list-style-type: none">• <i>Baybay</i>• <i>Bantas</i>• <i>Balarila</i>• <i>Pamantayan sa wastong pagsulat ng talata</i>	Nangangailangan ng ibayong kaalaman sa wastong gamit ng wika at pagsulat.	Mahusay at kinakitaan ng kaalaman at nasunod ang wastong gamit ng wika at pagsulat.	Napakahusay at kinakitaan ng malawak na kaalaman sa paggamit ng wika at pagsulat.



Tayahin

GAWAIN 7:

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang mga aytem at piliin ang titik ng pinakatamang sagot. Isulat ito sa iyong kuwaderno.

1. Ang sumusunod ay kahulugan ng kasipagan, *maliban* sa:
 - a. Ito ay pagsisikap na gawin o tapusin ang isang gawain na mayroong kalidad.
 - b. Ito ay pagtingin ng may kasiyahan at positibo sa isang gawain.
 - c. Ito ay nakatutulong sa tao sa kaniyang pakikipagrelasyon sa kaniyang gawain, kapwa, at lipunan.
 - d. Ito ay paglalaan ng sapat na panahon upang maisakatupan ang isang gawain.

2. Si Rony ay sadyang masipag, hindi siya nagmamadali sa kanyang mga gawain at sinisiguro niya na magiging maayos ang kalalabasan nito. Ano kaya ang palatandaan ng kasipagan ang taglay ni Rony?
 - a. Hindi umiiwas sa anomang gawain.
 - b. Ginagawa ang gawain nang may pagmamahal.
 - c. Nagbibigay ng buong kakayahan sa paggawa.
 - d. Hindi nagrereklamo sa paggawa.

3. Ito ay pagtitiyaga na maabot o makamit ang mithiin o layunin sa buhay na may kalakip na pagtitiis at determinasyon.
 - a. Kasipagan
 - b. Katatagan
 - c. Pagsisikap
 - d. Pagpupunyagi

4. Ito ay kakambal ng pagbibigay na nagtuturo sa tao upang higit na makapagbigay sa iba.
 - a. Pag-iimpok
 - b. Pagtitipid
 - c. Pagtulong
 - d. Pagkakawanggawa

5. Ano ang naglalarawan sa pinakamahalagang paraan ng pagtitipid?
 - a. Maging mapagkumbaba at matutong makuntento.
 - b. Maging mapagbigay at matutong tumulong.
 - c. Maging maingat sa paggastos at matutong maging simple.
 - d. Maging masipag at matutong maging matiyaga.

6. Alin sa mga sumusunod na sitwasyon ang **HINDI** nagpapakita ng paraan ng pagtitipid?
 - a. Sa tuwing nanonood ng teleserye si Rosa, inoorasan niya ang paggamit ng *TV*.
 - b. Si Ben ay gumagamit ng tabo at timba sa tuwing siya ay naliligo.
 - c. Tinitipid ni Luis ang kayang pera upang mabili niya ang *imported* na laruan na gusto niya.
 - d. Ginagamit lamang ni Pilar ang data load sa *cellphone* niya tuwing may kailangang isaliksik na aralin sa internet.

7. Ang mga sumusunod ay palatandaan ng taong nagtataglay ng kasipagan, *maliban* sa:
 - a. Hindi umiiwas sa anomang gawain.
 - b. Nagbibigay ng buong kakayahan sa paggawa.
 - c. Ginagawa ang gawain ng may pagmamahal.
 - d. Binibigay ang buong oras sa kanyang gawain.

8. Ang pagtitipid ay kakambal ng pagbibigay. Alin sa mga sumusunod na pahayag ang hindi nagpapakita ng birtud na ito?
 - a. Magtipid upang guminhawa ang sariling buhay.
 - b. Ito ay nagtuturo sa tao na hindi lamang mamuhay nang masagana.
 - c. Kapag ang tao'y marunong magtipid, marunong din siyang magbigay lalong-lalo na sa mga nangangailangan.
 - d. Gamitin ang birtud na ito upang higit na makapagbigay sa iba.

9. Ito ay hindi natin dapat taglayin sapagkat ito ang pumapatay sa isang gawain, hanapbuhay o trabaho.
 - a. Kahinahunan
 - b. Kakayahan
 - c. Katamaran
 - d. Kaganapan

10. Ayon kay Francisco Colayco, “kinakailangan ang pag-impok ay tratuhin na isang obligasyon”. Ito ay nangangahulugang...
 - a. Opsiyonal lamang ang pag-iimpok.
 - b. Gawing tradisyon ang pag-iimpok.
 - c. Kailangang may determinasyon sa pag-iimpok.
 - d. Tungkulin ng bawat isa ang mag-impok.



Karagdagang Gawain

Ngayon ay nabatid mo ang kahalagahan ng kasipagan, pagpupunyagi, pagtitipid at wastong pamamahala sa naimpok. Ito ay makatutulong sa iyo upang mapaunlad mo ang iyong sarili at ang iyong lipunan.

GAWAIN 8:

Panuto: Sumulat ng isang pagninilay gamit ang pormat sa ibaba. Gawin ito sa iyong journal.

Ano ang konsepto at kaalamang pumukaw sa akin?	Ano ang aking pagkaunawa at reyalisasyon sa bawat konsepto at kaalamang ito?	Ano-anong hakbang ang aking gagawin upang maisabuhay ang mga pang-unawa at reyalisasyong ito sa aking buhay?



Mga Tala para sa Guro

Ipaliwanag sa mga mag-aaral ang rubriks na gagamitin sa pagtataya sa kanilang gagawing pagninilay. Gamitin ang rubrik sa ibaba.

	Nangangailangan ng pagpapabuti (1)	Mahusay (2)	Napakahusay (3)
Nilalaman ng refleksyon	Nangangailangan ng malinaw na paglalahad ng nilalaman ng refleksyon na nauugnay sa paksa.	Mahusay ang paglalahad ng ilang konsepto na may kaugnayan sa paksa.	Napakahusay ang paglalahad ng kabuuang konsepto na naaayon sa paksa.
Kaayusan	Hindi maayos ang pagkasunod-sunod ng mga ideya.	Di-gaanong maayos ang pagkasunod-sunod ng mga ideya.	Napakaayos ang pagkasunod-sunod ng mga ideya.
Wastong gamit ng wika <ul style="list-style-type: none">• <i>Baybay</i>• <i>Bantas</i>• <i>Balarila</i>• <i>Pamantayan sa wastong</i>	Nangangailangan ng ibayong kaalaman sa wastong gamit ng wika at pagsulat.	Mahusay at kinakitaan ng kaalaman at nasunod ang wastong gamit ng wika at pagsulat.	Napakahusay at kinakitaan ng malawak na kaalaman sa paggamit ng wika at pagsulat.



Susi sa Pagwawasto

<p>Subukin</p> <ol style="list-style-type: none">1. B2. C3. D4. B5. A <p>Isaisip</p> <ol style="list-style-type: none">a. Kasipagan, produktibong, umunladb. Pagpupunyagi, mitiin	<p>Pagymamanin</p> <ol style="list-style-type: none">1. D2. B3. C4. A5. B6. C7. D8. A9. C10. D	<p>Tayahin</p> <ol style="list-style-type: none">1. B2. C3. A4. C5. D6. C7. D8. A9. C10. D
--	--	--

Sanggunian

Aklat

DepEd. (2015). Edukasyon sa Pagpapakatao 9: Modyul para sa mag-aaral. (pp. 162-177). FEP Printing Corporation.

Ang mga larawan ay hinango sa :

Kasipagan at Pagpupunyagi

DepEd. (2015). Edukasyon sa Pagpapakatao 9: Modyul para sa mag-aaral. (p. 165). FEP Printing Corporation.

Pag-iimpok

Medina, L. 2020. Shutterstock, Inc. Retrieved from <https://www.shutterstock.com/image-vector/illustration-piggy-bank-coin-125468426?fbclid=IwAR13P44Z6A8ifq9e-hqHXGdeKWSTnFnoQ65nR79tdoguA3xKuj7Ug-IQDps>

Traffic light

https://www.google.com/url?sa=i&url=https%3A%2F%2Fwww.sutori.com%2Fstory%2Fhistory-of-the-traffic-light-VzzcQjgHS8cr85orRuqRP5at&psig=AOvVaw1O6jMl1HPdtsEgYjU_yrIc&ust=1617597950747000&source=images&cd=vfe&ved=0CAIQjRxqFwoTClc7JLk4-8CFQAAAAAdAAAAABAD

Pagtitipid

Martin, J. 2020. PINAS The Filipinos Global Newspaper. USA Edition. Retrieved from <https://pinasusa.com/tipid-tips-para-bumaba-ang-kunsumo-ng-kuryente/>

Comic Strip

Tan, C. 2021 · chinkeetan.com · C-Tech Trading and Consultancy Inc. Retrieved from <https://chinkeetan.com/2019/01/07/new-chinkee-tan-wealth-coach/62274342-stock-vector-two-young-women-talking-meeting-colleagues-or-friends-vector-illustration/>

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph